

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Birtwal na ipinagdidiriwang ng Brampton ang pagiging Mosaic nito sa panahon ng Ramadan

BRAMPTON, ON (Abril 12, 2021) – Ang Lungsod ng Brampton ay birtwal na ipinagdidiriwang nito ang pagiging diverse sa panahon ng Ramadan sa isang buwan na online na mga aktibidad mula Abril 13 hanggang Mayo 12, na may espesyal na event sa selebrasyon ng iftar sa Lunes, Abril 19, mula 7 hanggang 8:30 pm.

Ang Ramadan ay ang banal na buwan ng pag-aayuno, pagninilay-nilay at pagdarasal para sa komunidad ng Muslim. Habang patuloy ang Brampton na nasa ilalim ng kautusan ng Lalawigan na Manatili sa Bahay, hinihiling ng Lungsod ang mga residente na ligtas na magdiwang at sumali sa mga pinlanong online na aktibidad sa panahon ng Ramadan, kabilang ang:

- Pamimigay sa komunidad sa pamamagitan ng pakikipag-partner sa Brampton foodbank para kolektahin ang mga donasyong pagkain na hindi nabubulok at mga laruan sa panahon ng Ramadan para tulungan ang mga taong nangangailangan
- Pag-highlight sa kultural na aspeto ng Ramadan sa pamamagitan ng mga submisyon sa komunidad
- Spotlight sa mga lokal na negosyo ng Brampton at kung paano suportahan ang mga ito sa panahon ng Ramadan
- Birtwal na paglilibot sa Brampton at isang mensahe mula sa lokal na Imam
- Mga resipe ng pagkain sa Ramadan, pangkalusugan at pang-fitness na tip

Sa panahon ng Ramadan, ang komunidad ng mga Muslim ay hindi kumakain sa pagitan ng buwang-liwayway at paglubog ng araw. Ang hapunan sa iftar ay isang pagkain na idinadaos sa paglubog ng araw, kapag hininto ng mga Muslim ang kanilang araw-araw na pag-aayuno.

Kabilang sa Iftar ng taon na ito ang pambungad na mensahe mula kay Mayor Patrick Brown, mga Miyembro ng Konseho mula sa mga lider ng komunidad at mga lokal na imam. Nagtatampok ang pagdiriwang ng Quranic recitation, mga salita ng inspirasyon, isang mensahe ng pangunahing ideya tungkol sa Diwa ng Ramadan, dua, adhan (panawagan na magdasal) at iftar sa 8 pm.

Maaaring maranasan ng mga tao ang Ramadan online mula Abril 13 hanggang Mayo 12. Upang lumahok, bisitahin ang: brampton.ca/experienceramadan.

Noong 2020, bumuto ang Konseho na pawalan ng bisa ang Ordinansa sa Ingay ng Lungsod ng Brampton na nagpapahintulot sa mga lugar na dasalan na tumunog, o patunugin ang mga kampana, at mga kuliling. Sa panahon ng Ramadan muli sa taon na ito, magagawa ng mga moske na mag-amplify sa 8 pm, o panawagan sa paglubog ng araw para magdasal. Ang mga pangkat ng komunidad o mga panrelihiyong organisasyon na humihiling ng espesal na mga akomodasyon ay maaaring tumawag sa 311. Ang mga hiling ay rerebyuhin ng staff ng Lungsod at Konseho para sa pag-apruba.

Mga Quote

‘Napakaswerte natin na may magandang diverse na komunidad sa Brampton, na may pagkakataong kilalanin at ipagdiwang ang ating Mosaic na mga kultura sa pamamagitan ng espesyal na mga event tulad ng banal na Buwan ng Ramadan. Ang Islam ay ang ikalawang pinakamalaking relihiyon sa mundo at merong higit sa 60,000 tagasunod mula sa diverse na mga komunidad sa buong Lungsod natin.’

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Gusto kong hikayatin ang mga residente na birtwal na ipagdiwang ang Ramadan sa pamamagitan ng paglahok sa ilan sa maraming mga aktibidad na pinlano online. Sa panahon ng kautusan ng Lalawigan na Manatili sa Bahay, maaaring ipagdiwang ang Ramadan sa kaligtasan ng kanilang sariling mga bahay.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca